

Alin ang Mas Malapit?

Ang pag-round ay hindi tanong tungkol sa *digit*. Tanong ito tungkol sa *layo*.

MATEMATIKA 3

MATATAG • Unang Yugto

Gabay Markahan 1 • kasanayan 12

Unang Termino • Linggo 7

TATLONG HAKBANG, TUWING MAG-RO-ROUND

HAKBANG	HALIMBAWA SA 149, SA PINAKAMALAPIT NA DAAN
1. Hanapin ang dalawang kandidato	ang 100 sa ibaba, ang 200 sa itaas
2. Sukatin ang dalawang layo	49 at 51
3. Piliin ang mas malapit	100 — dahil 49 ang mas maliit

Hindi hinuhula ang sagot. Sinusukat ito.

DALAWANG BILANG, DALAWANG ANG PAGITAN



100 149 200
49 ang layo 51 ang layo

149 → 100



100 151 200
51 ang layo 49 ang layo

151 → 200. Dalawa lamang ang pagitan ng dalawang bilang, at magkaiba ang sagot. Iyon ang ibig sabihin ng mas malapit.

ISANG BILANG, TATLONG SAGOT

ANG BILANG	SA SAMPU	SA DAAN	SA LIBO
149	150	100	0
2 648	2 650	2 600	3 000
4 500	4 500	4 500	5 000

Walang isang na-round na anyo ang bilang. Nakasalalay ito sa anong yunit ang hinihingi. Ang 149 sa pinakamalapit na libo ay 0 — layo 149 laban sa 851.

ANG EKSAKTONG KALAHATI

4 500

Sa pinakamalapit na libo, ang 4 500 ay 500 ang layo sa magkabila. Walang mas malapit.

Kasunduan ang pataas: 5 000. Hindi ito katotohanan sa matematika — napagkasunduan lamang upang may iisang sagot.

ISANG BESES LAMANG. MULA SA ORIHINAL.

149 → ~~150~~ → ~~200~~ 149 → 100

Hindi mali ang unang hakbang. Hindi rin mali ang pangalawa. Mali ang sagot.

Pagkatapos ng unang hakbang, hindi na ang 149 ang tinitingnan mo kundi ang 150 — at iba silang bilang.

Alin ang **mas malapit**?

Gabay sa Kurikulum ng Matematika MATATAG (DepEd, Agosto 2023), p. 34
Hanay ng kagamitang E-turo • gumagana nang walang internet • malayang kopyahin